from the
**UPPER ROOM**

# Himala sa Daan Patungong Damascus

**WEEK 3**

## WARM-UP

- Isipin ang isang kakilala mo na nag-aalinlangan kang lapitan. Paano mo mapagtatagumpayan ang mga pagsubok na ito?
- Paano mo nagagawang maniwala sa isang bagay? Ano ang mga hakbang na ginagawa mo para magawa mo ito?
- Balikan ang isang taong bumago ng buhay mo. Ano ang ipinagkaiba ng buhay mo noon kung ihahambing sa ngayon?

## WORD

*“Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo.”* **MGA GAWA 1:8**

(Basahin din ang **MGA GAWA 9:1–22, 31.**)

Nang marinig ng mga disipulo ang pangako ni Jesus na bibigyan sila ng Banal na Espiritu ng kakayahang maipangaral ang ebanghelyo, malamang ay hindi nila inasahang marami at iba’t ibang klase ng tao ang makakasalamuha nila. Ang ilan ay may mabubuting reputasyon, samantalang ang iba naman ay hindi inaasahan ang pinanggalingan. Wala silang kamalay-malay na gagamitin ng Diyos ang isa sa pinakamapanganib na tao sa panahon nila upang maging instrumento sa pagpapangaral ng mabuting balita sa mga bansa sa labas ng Israel. Ngayong araw, tingnan natin kung paano ginamit ng Diyos si Saulo upang tuparin ang pangako ni Jesus na magiging saksi ang Kanyang mga disipulo hanggang sa dulo ng mundo.

## 1 Inusig ni Saulo ang iglesya.

*[1]Patuloy pa rin ang pagbabanta ni Saulo sa buhay ng mga tagasunod ng Panginoon. Pinuntahan pa niya ang punong pari [2]at humingi ng mga sulat na ipapakita niya sa mga sambahan ng mga Judio sa Damascus bilang katibayan na binibigyan siya ng kapangyarihang hulihin at dalhin sa Jerusalem ang sinumang makikita niya roon na sumusunod sa pamamaraan ni Jesus, lalaki man ito o babae.* **MGA GAWA 9:1–2**

Noong mas bata pa siya, nasaksihan at pinahintulutan ni Saulo ang pagpatay sa mga mananampalataya. Naroon siya noong pinagbabato si Esteban dahil sa pagsasalita niya tungkol kay Jesus (Mga Gawa 7:58) at nagbahay-bahay siya para arestuhin ang mga taong sumunod kay Jesus (Mga Gawa 8:1–3). Siguradong malayong maging disipulo ang lalaking ito. Ngunit, hindi niya alam na kalaunan ay babaguhin ng Diyos ang kanyang buhay sa hindi inaasahang paraan. Sa tingin mo, ano ang mararamdaman mo kung mayroong taong tulad ni Saulo na magbabanta sa komunidad mo ng pananampalataya?

.............................................................................

.............................................................................

## 2 Mahimalang nakatagpo ni Saulo si Jesus.

*[3]Nang malapit na si Saulo sa lungsod ng Damascus, bigla siyang napalibutan ng nakakasilaw na liwanag mula sa langit. [4]Natumba siya, at may narinig siyang tinig na nagsasabi, "Saulo, Saulo! Bakit mo ako inuusig?" [5]Sumagot si Saulo, "Sino po ba kayo?" Sinagot siya ng tinig, "Ako si Jesus na iyong inuusig."* **MGA GAWA 9:3–5**

Isang araw, nang malapit na siya sa lungsod ng Damascus, nakatagpo ni Saulo si Jesus sa unang pagkakataon. Tinawag ni Jesus si Saulo sa pangalan at ipinaalam Niya kung sino Siya. Nang matanggap ni Saulo ang utos mula kay Jesus, nabulag siya at nawalan ng lakas ng ilang araw. Ginamit ng Diyos si Ananias upang tulungan si Saulo na makakita muli at mapuspos ng Banal na Espiritu. Habang ipinapanalangin ni Ananias si Saulo, mahimala siyang gumaling, pisikal at espiritwal. Sa tingin mo,

ano kaya ang nangyari kung patuloy na nag-alinlangan si Ananias sa pagbisita at pagdarasal na gumaling si Saulo?

## 3 Pinadala si Saulo bilang apostol sa mga hindi Judio.

*[15]Pero sinabi ng Panginoon kay Ananias, "Lumakad ka, dahil pinili ko siyang maglingkod sa akin, para ipakilala niya ako sa mga hindi Judio at sa kanilang mga hari, at sa mga Israelita. [16]At ipapakita ko rin sa kanya ang mga paghihirap na dapat niyang danasin para sa akin."* **MGA GAWA 9:15–16**

Pagkatapos makakita muli ni Saulo, siya ay nagpabinyag, nagpalakas, at nagsimulang ipahayag si Jesus sa iba. Mula sa pagiging tagausig hanggang sa pagiging mangangaral, nakilala si Saulo bilang Pablo, isang disipulo, isang mangangaral ng ebanghelyo ni Cristo, at isang apostol sa mga hindi Judio. Bagama't sa umpisa ay pinagdudahan siya ng ibang mga mananampalataya, ang patotoo ng kanyang pagtatagpo kay Cristo sa daan patungong Damascus ay isang paalala na kayang baguhin ng Diyos ang pinakamatigas na puso. Kung ikaw si Pablo, ano ang mararamdaman mo habang ipinapangaral mo ang mensaheng nilabanan mo noong una?

Si Pablo ay katuparan ng pangako ng Diyos sa Mga Gawa 1:8 at naging instrumento sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mga hindi Judio sa mga pangunahing lugar, gaya ng Gresya at Roma. Nagkaroon ng kapayapaan at patuloy na paglago sa iglesya dahil pumasok ang Diyos at gumawa ng himala sa buhay ni Pablo (Mga Gawa 9:31). Ngayon, patuloy na nagsasalita si Pablo tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng isinulat niyang mga aklat at liham sa Bibliya na nagbibigay ng lakas ng loob.

## APPLICATION

- Sa tingin mo, bakit isang mang-uusig ang pinili ng Diyos sa halip na isang matuwid na mananampalataya upang dalhin ang ebanghelyo sa mga Judio at mga hindi Judio? Sa tingin mo, bakit ka pinili ng Diyos para makinig at tumugon sa Kanyang ebanghelyo?

- Mayroon bang pagkakataon na may inusig ka dahil sa kanilang pananampalataya? Paano ka itinuwid ng Diyos sa bahaging ito? Paano tayo dapat tumugon sa mga pag-uusig ngayon?

- Inaakay ka ba ng Diyos na maging biyaya sa isang taong nag-aalinlangan kang lapitan? Hingin sa Diyos na tanggalin Niya ang bawat pagdududa at panghuhusga habang ipinapakita mo ang Kanyang pagmamahal sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na walang imposible sa Kanya at kaya Niyang baguhin at gamitin kahit ang mga mahirap pakisamahang tao upang maipalaganap ang Kanyang pangalan.

- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang maging daluyan ng lakas ng loob sa halip na sama ng loob at pagmamataas. Hingin sa Diyos ang biyaya upang maipakita mo ang Kanyang pagmamahal sa mga tao sa paligid mo, kahit sa mga taong mahirap lapitan.

- Ipanalangin ang isang taong nahihirapan kang kausapin ngunit kailangang makarinig ng ebanghelyo. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos bilang daluyan ng Kanyang pagpapala sa taong ito sa mga susunod na araw.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Josh Hernandez

victory.org.ph